Pangalan: Nicolas “Nuh” Zoleta
Paksa ng Khutbah: “Ang Pagsubok”
Isinaayos ni: Michael ‘Mujahid’ Macapagal
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
January 26, 2025

Unang Bahagi ng Khutbah:

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللَّهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدًا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ آل عمران: 102

***“O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim.”*** (Alo ‘Imran: 102)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, hindi lingid sa ating kaalaman na sa araw-araw nating buhay, may mga bagay tayong nararanasan at nasasaksihan sa ating kapaligiran at maging sa loob ng ating tahanan. May mga tao na akala mo’y pinagsakluban ng langit at lupa dahil sa kalungkutan na nadarama. Mayroon namang nag-uumapaw sa kasiyahan dahil sa kanilang natatangap na biyaya. Sila’y nababalot ng kalungkutan dahil sa hindi nila makuha o makamit ang kanilang ninanais at ang iba naman ay nag-uumapaw sa saya dahil ang pakiramdam nila ay nasa kanila na ang lahat at dahil nakukuha nila kung anong naisin nila dito sa Mundong ibabaw. Silang mga nalulungkot ay nawawalan na ng pananampalataya at kanilang nakalimutan ang kanilang Tagapaglikha na si Allahu Ta’ala na Siyang nagbibigay ng pagsubok sa bawat kaluluwa o sa bawat tao na Kanyang nilikha. Nandiyan na susubukan sila ni Allah nang dahil sa kahirapan na halos kitilin na ang kanilang buhay sa sobrang paghihirap. Nandiyan na susubukan sila ni Allahu Ta'ala sa karangyaan, kayamanan na sa sobrang kasiyahan ay nakalimot sila na mayroong nag-iisang Tagapaglikha na si Allah Subhanahu wa Ta'ala. Sa parehong pagkakataon, sa kahirapan at karangyaan sa buhay ay marami ang naliligaw ng landas at nawawalan ng pananampalataya.

Sinabi ng Rasulullah (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"مَنْ يُرِدِ اللَّهُ بِهِ خَيْرًا يُصِبْ مِنْهُ." (رواه البخاري)

*“Sinumang naisin ni Allah na bigyan ng kabutihan, ay bibigyan Niya ito ng pagsubok.”* (Inulat ni Al-Bukhari).

Mga kapatid, tandaan natin na ang lahat ng ating nararanasan, maging ito’y kasiyahan o kahirapan, ay pagsubok mula kay Allah Subhanahu wa Ta’ala. Sa bawat patak ng luha, sa bawat sakit na ating nararamdaman, tandaan natin na si Allah ay laging nakamasid, handang magbigay ng lakas at gabay. Ang bawat pagsubok na dumarating ay may layuning magpahinog sa ating pananampalataya at magtulungan tayong maging malapit kay Allah. Hindi tayo iniiwan ni Allah sa oras ng ating pangangailangan.

Sinabi ni Allah sa Qur-an:

﴿ وَلَنَبْلُوَنَّكُم بِشَيْءٍ مِّنَ الْخَوْفِ وَالْجُوعِ وَنَقْصٍ مِّنَ الْأَمْوَالِ وَالْأَنفُسِ وَالثَّمَرَاتِ وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ ﴾ البقرة: 155

***“At katiyakan kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na nakakapangamba, gutom, kawalan ng yaman, buhay at mga pananim, subalit magbigay ng magandang balita para sa mga matiisin.”*** (Al-Baqarah: 155)

Mga kapatid, nararapat nating maunawaan na ang kahirapan at kasaganahan ay parehong pagsubok. Sa kahirapan, sinusubok ang ating pagtitiis at kakayahang magpasalamat kahit sa kaunti. Sa kasaganahan naman, sinusubok ang ating pagpapakumbaba at pagkilala na ang lahat ng biyaya ay nagmumula kay Allah at hindi sa ating sariling kakayahan. Huwag tayong panghinaan ng loob, sapagkat matapos ang bawat pagsubok ay may nakalaang biyaya at gantimpala mula kay Allah.

Sinabi rin ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"عَجَبًا لأَمْرِ الْمُؤْمِنِ إِنَّ أَمْرَهُ كُلَّهُ خَيْرٌ وَلَيْسَ ذَاكَ لأَحَدٍ إِلاَّ لِلْمُؤْمِنِ إِنْ أَصَابَتْهُ سَرَّاءُ شَكَرَ فَكَانَ خَيْرًا لَهُ وَإِنْ أَصَابَتْهُ ضَرَّاءُ صَبَرَ فَكَانَ خَيْرًا لَهُ." (رواه مسلم)

*“Kahanga-hanga ang kalagayan ng isang mananampalataya, sapagkat ang lahat ng bagay ay mabuti para sa kanya — ito’y natatangi lamang sa isang mananampalataya. Kapag siya’y binigyan ng biyaya, siya’y nagpapasalamat, at*

*ito’y mabuti para sa kanya. Kapag siya’y nakaranas ng pagsubok, siya’y nagtitiis, at ito’y mabuti rin para sa kanya.”* (Inulat ni Muslim)

Mga minamahal kong kapatid, sa bawat pagsubok na ating hinaharap, tayo’y patuloy na manalangin at humingi ng gabay kay Allah. Huwag nating kalimutan ang kahalagahan ng pagiging matiisin, mapagpasalamat, at patuloy na pagkapit sa lubid ni Allah. Ang ating Tagapaglikha ay hindi kailanman nagpapabaya sa Kanyang mga alipin. Ang kailangan lamang natin ay magtiwala sa Kanya, sapagkat Siya ang may hawak ng ating kapalaran.

Nawa’y patatagin tayo ni Allah sa bawat pagsubok na ating pagdadaanan. Higit nating paigtingin ang ating pananampalataya at patuloy na magbalik-loob sa Kanya. Tandaan natin na ang buhay na ito ay pansamantala lamang, at ang tunay na tagumpay ay ang makamtan ang Paraiso sa kabilang-buhay.

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

Ikalawang Bahagi ng Khutbah:

الحَمْدُ لِلهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِينَ، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga alipin ni Allah, sinabi ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam):

"كُلُّكُمْ رَاعٍ، وَكُلُّكُمْ مَسْئُولٌ عَنْ رَعِيَّتِهِ." (رواه البخاري)

*"Ang bawat isa sa inyo ay tagapag-alaga, at ang bawat isa sa inyo ay mananagot para sa kanyang nasasakupan."* (Inulat ni Al-Bukhari)

Tungkulin nating lahat na maging mabuting tagapag-alaga ng ating sarili, pamilya, at pamayanan. Huwag nating hayaang ang mga pagsubok sa buhay ay maging dahilan upang tayo'y mapalayo sa ating pananampalataya. Sa halip, gawin natin itong pagkakataon upang lalo pang magpakumbaba, magtiwala, at magbalik-loob kay Allah.

Si Allah Subhanahu wa Ta'ala ay nagbibigay ng pagsubok sa bawat isa sa atin. Susubukan tayo ni Allah una sa ating mga sarili. Susubukan tayo ni Allah sa ating mga kayamanan o ari-arian. Susubukan tayo ni Allah sa ating pamilya, sa ating mga anak, sa ating mga magulang, sa ating mga kapatid, sa ating asawa, at sa ating mga kamag-anak.

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, ito'y isang paalala lamang una sa aking sarili at sa inyong lahat. Nawa'y patatagin tayo ni Allah sa bawat pagsubok na ating pinagdadaanan. Higit tayong kumapit sa lubid ni Allah upang mapagtagumpayan natin ang lahat ng pagsubok na Kanyang ipagkakaloob sa atin. Tayo'y magkaisa sa pagdarasal at paghingi ng kapatawaran mula kay Allah. Hilingin natin ang Kanyang Awa at Gabay upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng buhay. Manatili tayong matatag sa pananampalataya, at patuloy na maging mabuting halimbawa sa ating kapwa. Nawa'y pagpalain tayo ni Allah at gabayan sa lahat ng ating gawain. Tandaan natin na ang gantimpala ng mga matiisin ay walang hanggan sa Paraiso. Huwag tayong magsawang manalangin, sapagkat si Allah ang Pinakamatapat sa Kanyang mga pangako.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.

اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفُوَ فَاعْفُ عَنَّا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.

اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْلَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.

اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.

اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.

رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.

وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ... وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***